Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 1,2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 19-03-050

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI G. ARNEL SANTILLAN RAYMUNDO DATING KALIHIM NG BARANGAY SAN JUAN, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na balita ang labis na naramdaman ng mamamayan ng Barangay San Juan noong araw ng Martes, Pebrero 26, 2019 dahil sa pagpanaw ni G. Arnel S. Raymundo dahil sa atake sa puso;

**"SAPAGKAT,** si G. Arnel S. Raymundo ay nagtataglay ng mga positibong katangian tulad ng pusong sensitibo at bukas sa mga pangangailangan ng kapwa, aktibo at alerto sa mga programa at proyektong ipinapatupad ng pamahalaang bayan at barangay na siyang nagtulak sa kanya upang siya ay maitampok sa ibat-ibang tungkulin lalong-lalo na sa larangan ng serbisyo publliko;

**"SAPAGKAT,** siya ay nahirang na Kalihim ng Sangguniang Barangay ng San Juan sa loob ng siyam (9) na taon sa pamumuno ni Kapitan Antero Ambay at dalawang (2) taon sa pamumuno ni Kapitan Tomas M. Santillan na kung saan siya ay naging kaagapay ng kapitan at kagawad sa pagbalangkas ng mga ordinansang nagdulot ng kaunlaran, kaginhawahan at katahimikan ng kanyang kababayan at komunidad;

**"SAPAGKAT,** dagdag pa rito, siya ay nagsilbi bilang bodegero ng KALAHI-CIDSS kung kaya, matagumpay na naisakatuparan ang mga proyekto na ngayon ay pinakikinabangan na ng bawat mamamayan ng Barangay San Juan at naging Pangalawang Pangulo ng Water System Association ng Bangkal (BAWASA) hanggang makitil ang kanyang buhay noong nakaraang linggo sa edad ng apatnaput dalawang (42) taong gulang;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni G. Arnel Santillan Raymundo ay nagdulot ng lungkot at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang Maylikha ng lahat at kung saan hindi na niya maramdaman ang hirap na dulot ng kanyang sakit; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni G. Arnel Santillan Raymundo dating Kalihim ng Barangay San Juan, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Elpidio N. Contreras, Jr. at SB Member Edwin C. Aceron, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Marso 1,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-----------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG.TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 03-21-2019

190305/bms

Scanned with CamScanner